



Payo mula sa Federal Trade Commission

Pagbangon Pagkatapos ng Sakuna

Hindi kailanman madali ang pagharap sa sakuna. Narito ang ilang payo na makakatulong sa iyong maiwasan ang mga karaniwang scam pagkatapos ng sakuna, protektahan ang iyong personal na impormasyon, at kung paano makabalik sa dating katayuang pinansyal.

Paano Maiwasan ang mga Scam sa Paglilinis at Pagkukumpuni

- **Maging mapagduda sa sinumang nangangako ng agarang paglilinis at pagkukumpuni.** May ilan na maaaring magbigay ng tantiyang may labis-labis na halaga, humingi ng agad ng kabayaran, o kinukulang ng mga kinakailangang kasanayan.
- **Siyasatin ang mga kontratista.** Bago ka magbayad, hingin ang kanilang mga ID, lisensya, at katibayan ng insurance. Huwag paniwalaan ang anumang mga pangakong hindi nakasulat.
- **Huwag na huwag magbabayad sa pamamagitan ng wire transfer, gift card, cryptocurrency, o cash.** At huwag na huwag magbibigay ng pinal na kabayaran hangga't hindi pa natatapos ang trabaho at ikaw ay hindi pa nasisiyahan.

Paano Makikilala ang mga Nagpapanggap na Scam


- **Dapat mong malaman na hindi nagpapataw ng mga singil sa aplikasyon ang FEMA.** Kung may isang taong nanghihingi ng pera para tulungan kang maging kuwalipikado para sa mga pondo ng FEMA, scam iyon. Ang pinakamabuting lugar para makakuha ng impormasyon ay sa [FEMA.gov](https://www.fema.gov).
- **Protektahan ang iyong personal na impormasyon.** Mga scammer lang ang magsasabing opisyal sila ng pamahalaan at pagkatapos ay hihingi ng pera o iyong credit card, bank account, o numero ng Social Security.
- **Alamin ang mga palatandaan ng scam sa listahan ng paupahan.** Kung may humingi ng security deposit o renta bago mo matugunan o pirmahan ang isang lease, scam iyon. Umiwas dito.

Paano Makakabalik sa Dating Katayuang Pinansyal

Maaaring nilisan mo ang iyong tahanan nang walang mga ID, tseke, credit at debit card, at iba pang mga dokumento. At maaaring matagal kang hindi magkakaroon ng access sa account sa iyong bangko o suweldo. Ano ang susunod na mangyayari?

Pamamahala sa Pera

- **Iulat ang mga nawalang credit, ATM, o debit card** sa taga-isyu ng card sa lalong madaling panahon.
 - **Manatiling nakikipag-ugnayan sa iyong employer.** Kung sarado ang pinagtatrabahuhan, o kung hindi ka makakapunta, itanong kung maaari mong patuloy na matanggap ang iyong suweldo at mga benepisyo.
 - **Tawagan ang iyong provider kung tumatanggap ka ng mga serbisyong panlipunan o benepisyo.** Tawagan ang Social Security (Seguridad na Panlipunan) sa 1-800-772-1213 o ang Veterans Affairs (Tanggapan para sa Kapakanan ng mga Beterano) sa 1-800-827-1000.



Pamamahala sa Credit

- **Kunin ang iyong libheng credit report** sa AnnualCreditReport.com. Makakatulong ito kung nawala mo ang iyong mga pinansyal na rekord at kinakailangang tukuyin ang mga creditor.
- **Makipag-usap sa mga creditor, landlord, at utilidad sa lalong madaling panahon.** Maaaring pumayag silang makipagtulungan sa iyo upang maiwasan ang mga singil sa nahuling pagbabayad, maipagpaliban ang koleksyon, mga pag-repossess, at mga foreclosure.

Paano Papalitan ang mga Nasira o Nawalang Dokumento

Narito ang listahan kung pupunta para sa mga gagawin.

- **Mga nakarekord na dokumentong pang-real estate:** recorder of deeds ng County
- **Mga mortgage:** Lender o mortgage servicer
- **Mga lease:** Landlord o kumpanya ng property management
- **Titulo ng sasakyan/lisensya sa pagmamaneho:** Kalihim ng estado o department of motor vehicles
- **Sertipiko ng kapanganakan:** Vital statistics office (tanggapan para sa mahahalagang rekord) mula sa county kung saan ka ipinanganak
- **Social Security card:** Lokal na tanggapan ng Social Security Administration (Pangasiwaan ng Seguridad na Panlipunan)

Para sa higit pang impormasyon at payo, bisitahin ang
ftc.gov/WeatherEmergencies

Mga Lokal na Sanggunian

Hawaii Department of Commerce and Consumer Affairs
(Kagawaran ng Komersyo at mga Kalakaran para
Mamimili sa Hawaii) cca.hawaii.gov
Consumer Resource Center (Tanggapan para sa
Mapagkukunan ng Mamimili) 808-587-4272

Hawaii Emergency Management Agency
(Ahensya ng Pamamahala sa Emerhensya
ng Hawaii) ready.hawaii.gov
808-733-4300